

# 1

“Cuz, try mo kaya ’to?” Kinuha ni Rhian Castro ang isang pulang halter dress mula sa rack at itinabi sa pinsan na si Grace Hernandez.

*Over my dead body!* Napangiwi siya dahil sa napili nito. Halos wala nang iniwan sa imahinasyon ang nasabing damit.

Nasa mall sila dahil niyaya siya nitong mag-shopping. Alam niyang masamang ideya ang sumama rito, pero naisip niya na minsan lang sila nagkikita ng pinsan. At this moment, pinagsisisihan na niya ang desisyon.

Mahilig kasi si Rhian sa mga revealing na damit at mamahaling clothing brands at kung anu-ano pang kaartehan. Samantalang siya, makapasok lang siya sa isang surplus shop at makahanap ng murang t-shirt ay masaya na. Eksperto ring maglagay ng makeup ang pinsan habang hindi nga niya alam kung paano maglagay ng blush-on.

However, being opposites didn’t stop them from getting close. Ang babae ang takbuhan ni Grace tuwing may problema siya and vice versa.

“Earth to Grace!” Iwinagayway nito ang kamay sa tapat ng mukha niya bilang pagpupukaw sa tila lumilipad niyang diwa.

“Nandito pa,” sagot niya.

Lumingon-lingon siya sa paligid. Sa suot na red t-shirt, jeans, at sneakers, pakiramdam niya ay napaka-out of place niya sa *Freeway*, ang store kung saan kasalukuyan silang nagtitingin ng damit.

“Come on, Grace, kailangan mo talagang isukat ’to,” pagpupumilit ng pinsan.

“Ayoko,” aniya. “Isa pa, wala naman akong pambili niyan.”

“Isusuot mo ba ’to kung bibilhin ko?”

“Hindi.”

“Alam mo, cuz, lagi nilang sinasabi na ako ’yong maarte sa pamilya, but I disagree.” Namaywang si Rhian at pinandilatan siya. “Mas maarte ka. Sige na, simpleng halter lang ayaw mo pang isukat. Libre na nga.”

“Simple pa ba ang tawag dito?” Kinuha niya ang pinag-aawayan nilang damit mula sa pinsan at pinandilatan din ito. “Rhi, alam kong mahal mo ’ko, kaya lang wala akong balak na i-display ’yong ribs at spinal cord ko sa madlang tao.”

“Ang exaggerated mo naman, Cousin,” anito, sabay bawi sa halter dress. Akmang magsasalita ito ulit ngunit biglang nanlaki ang mga mata. Bago pa siya makapagtanong, hinalbot na nito ang sleeve ng t-shirt niya at bumulong, “Huwag kang lilingon. Nasa likuran natin ’yong impakto mong ex kasama ang girlfriend niyang mukhang palaka.”

“Ha? Saan?”

Bago pa niya napigilan ang sarili, lumingon si Grace at nagtama ang mga mata nila ni Arvin. Wearing a navy blue polo shirt at dark jeans, he was still as handsome as ever. Ironic nga dahil iyong polo shirt na iyon ang suot nito when they met more than a year ago. Mas ironic dahil nakaakbay ito ngayon sa bago nitong girlfriend na si Janine, ang ipinalit nito sa kanya. Isang ngiti ang sumilay sa mga labi ng lalaki. Kasabay naman nito ang pagtigil ng hininga ni Grace. Bago pa niya namalayan, naglalakad na ang dalawa palapit sa kanila.

She and Arvin broke up exactly five months, three weeks, and two days ago, pero hindi siya nagbibilang kung gaano na katagal magbuhat noong iniwan siya nito. Hindi rin bumilis ang kabog ng puso niya nang makita ito, at hindi siya parang sinasakal dahil nakita niya itong kasama si Janine. Hindi. Imposible. Naka-move on na siya and she was completely okay.

*Oh, hell!* Sino ba ang niloloko niya?

Since the break-up, ngayon lang niya nakitang magkasama ang dalawa at isang bagay lang ang gusto niyang gawin. Ang tumakbo papunta sa dressing room at magtago roon hanggang makaalis ang mga ito.

“Sasapakin kita kung hindi ka ngingiti,” nakangising bulong ni Rhian. Lalong humigpit ang hawak nito sa braso niya. “Humanda ka, makikipagplastikan tayo.”

Kaagad namang ini-plaster ni Grace ang isang nakakasilaw na ngiti sa kanyang mukha. Alam niyang seryoso ang pinsan. Kahit na malapit na siyang maiyak, nakahinga pa rin siya nang maluwag. Thank God for Rhian.

“Kumusta ka na, Grace? It’s been a long time,” bati ni Arvin nang magkaharap na sila.

“O-okay naman. Ikaw? Kumusta ka na?” mahinang sagot niya. Muntik na siyang mapasigaw nang palihim siyang kinurot ng kasama. Napatingin siya sa pinsan at kaagad niyang nabasa ang expression nito: *Don’t sound desperate.*

“Heto, I’m doing great,” nakangiti pa ring sabi ni Arvin.

*You're doing great? Paano naman ako?* Siguro nga ay nag-iilusyon lang si Grace, pero akala niya ay mami-miss siya ni Arvin. Akala niya ay mare-realize nito na isang malaking pagkakamali ang ginawa nitong pag-iwan sa kanya, na hihingi ito ng isa pang pagkakataon, pero nagkamali siya. Nakatayo ito sa harap niya ngayon at masaya ito.

“Hon, alis na tayo,” biglang reklamo ni Janine. Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa at tinaasan ng isang kilay. “Ang pangit naman ng merchandise dito.”

Pakiramdam ni Grace pinatutsadahan siya ng impakta. Gusto niya tuloy kumuha ng isang hanger at hampasin ito, pero pinakalma niya ang sarili. Totoo ngang inagaw ni Janine si Arvin, ngunit may isang bagay siyang kailangang itanim sa isip niya. Hindi maaagaw ang isang lalaki kung hindi nito gusto.

“Sige, Grace, mauna na kami,” pamamaalam ng lalaki. Humigpit ang pagkakaakbay nito sa nobya.

Wala na siyang nagawa kundi panoorin ang paglabas ng dalawa sa boutique. Masaya na ang mga ito, pero siya? Matapos halos ng anim na buwan, miserable pa rin siya at laging pumapasok sa isip niya ang dating nobyo.

Hindi niya alam kung ano ang ginagawa niyang

mali, pero dapat, by this time, malapit nang matapos ang mourning process niya. She was supposed to enjoy life again, pero kabaligtaran niyon ang nangyayari.

“Don’t tell me you’re still not over him?” untag ni Rhian na parang alam na ang sagot.

Nilingon niya ang pinsan. Nakita niyang nakatingin ito sa kanya na parang nasisiraan na siya ng bait, at hawak pa rin nito ang pulang halter dress na kanina pa nila pinagtatalunan.

All of a sudden, that red halter dress became symbolic. It stood for everything na hindi niya kayang gawin. Correction, it stood for everything na *akala* niya hindi niya kayang gawin. Mula ngayon, titigil na siya sa pagiging miserable at magiging masaya siya ulit.

“May pupuntahan ka ba mamayang gabi?”

“Why?” nagdududang tanong nito.

“Lalabas tayo.”

---

“Walanghiya ka talaga, Dave!” hiyaw ni Osmond Villareal. Halos nagba-vibrate na ang bilbil nito dahil sa galit. Namumula rin ang mukha nito at halos pumutok na ang ugat sa leeg. “Sa lahat ng alaga ko, ngayon lang ako nagkaproblema nang ganito!

Ginagamit mo ba 'yang utak mo? Wait, don't answer that. May utak ba talaga d'yan sa kukote mo?"

Habang nakatingin sa manager niya, pinilit ni Dave Silverio na pigilin ang tawa. Lalo kasi itong nagmumukhang *Santa Claus* tuwing galit, minus the white beard. Dahil sa naisip, hindi na niya napigilan ang sarili. Sumilay ang isang malawak na ngiti sa mga labi niya. "Calm down, Osmond."

"You want me to be calm, Dave?" Lalong tumaas ang boses ng kausap. Hinablot nito ang isang tabloid mula sa desk at inihagis sa kanya. "Basahin mo 'yan! Then tell me if I should still calm down!"

Tumama ang tabloid sa kanyang mukha at nahulog sa sahig. Pinulot niya iyon at binuksan. Hindi na siya nagulat sa headline. He was even expecting it. *Dave Silverio's Sexual Harassment Scandal!*

Ayon sa tabloid article, may binastos daw siyang babae sa isang sikat na club. Totoo ngang may kaso, pero sigurado siyang mababasura rin ito. Walang witnesses ang babae at may mga kasama siya na makakapagpatunay na inosente siya. If the press only dug deeper, malalaman ng mga ito na gawagawa lang ng isang obsessed fan ang accusations. His manager really shouldn't have been surprised.

Bilang isa sa pinakasikat na leading men sa

bansa, sanay na si Dave na ina-analyze ng publiko ang bawat galaw at kilos niya. Mula pagkabata, nasa showbiz industry na siya kaya halos wala nang makakasorpresa sa kanya pagdating sa press.

“Interesting,” aniya habang nakatingin sa tabloid.

“Interesting?” di-makapaniwalang ulit ni Osmond. “Yan lang ang masasabi mo? Interesting?”

“And also very boring,” dagdag ni Dave. Inilipat niya ang pahina at isang article tungkol sa sarili na naman ang nakita niya. Natawa siya sa nabasa. Ayon sa article, mahilig daw siyang magpa-pedicure sa isang kilalang salon.

“Hindi ko na alam kung ano ang gagawin ko sa ’yo.” Napaupo ang kausap at sinandal ang dalawang braso sa desk nito. Kumalma ito at sumeryoso ang anyo nito. “I don’t think you understand the gravity of the situation.”

“Of course I understand everything.”

“Nakalimutan mo bang may love team kang iniingatan? We can’t afford a scandal like this.” Bumuntong-hininga muna si Osmond bago nagpatuloy, “Akala ng publiko ay magkasintahan kayo ni Anna. So, ano ngayon ang tingin nila sa ’yo? Isang playboy na walang laman ang utak. Sa tingin mo ba tatangkilikin pa ng mga tao ang pelikula n’yo?”



“Siyempre naman.” Siya at ang napakagandang actress si Anna Jacinto ang hinirang na number one love team ng bansa. Nahulog na ang loob ng publiko sa tambalan nila, ngunit hanggang sa TV at pelikula lang talaga ito. Ilang beses nang nagpalipad-hangin si Anna na may gusto ito sa kanya, ngunit wala siyang balak na ligawan ito.

Hindi natinag si Osmond sa sagot niya. Kaagad itong nag-iba ng taktika. “Sa tingin mo ba seseryosohin ka pa ni Direk Cruz?”

This time, natigilan si Dave at parang pinahid ang smirk sa mga labi niya. Si Direk Joven Cruz ang inatasang magdi-direct ng *A Time to Kill*. Tungkol kay Steven Yap ang pelikula, isang call center agent by night at serial killer by day. Katatapos lang ng trial kaya siguradong magiging hit ang pelikula.

Gustong-gusto niya ang role ni Steven. Handa siyang gawin ang lahat para makuha iyon. Kapag nakuha niya ang dream role, hindi na niya kailangang makipag-love team dahil mapapatunayan na niya ang sarili. Kaya lang, isang ‘serious actor’ ang napupusuan ni Direk Cruz. At siya? Halos romantic comedies ang lahat ng pinagbibidahan niya.

Ngayon dumagdag pa ang eskandalo tungkol sa sexual harassment. Mukhang malabo nang makuha

niya ang role na pinapangarap.

“We need some major damage control,” saad ni Osmond. Sa wakas, tumigil na rin ang pamumula ng mukha nito.

“Ano’ng plano mo?”

“You’re going out tonight.”

Nagulat ang binata. “What?” Hindi niya inaasahan na iyon ang sasabihin ng manager. “Gusto mo bang maospital ako? Siguradong dudumugin ako ng press.”

“Sa isang sitwasyon tulad nito, magtatago ang ibang artista. But *not* you.” Ngumiti ito. “We’re going to try a different tactic. Lalabas ka mamaya at ipapakita mong hindi ka apektado. Aakto ka na parang walang eskandalong nakasabit sa pangalan mo.”

“It sounds crazy but it might just work.”

“At, Dave...?”

“Ano?”

“Stay away from trouble. By trouble, I mean women.”

Nginitian lamang niya ang manager.

---

Madilim sa loob ng *Fluid*, isang sikat na disco. Kumikislap-kislap ang bright neon lights na green at blue lang ang nagsisilbing ilaw. Mausok din ang paligid at halos hindi na makahinga si Grace. Habang nakatingin sa mga taong nakapalibot sa kanya, hindi niya mapigilan ang nerbyos na nararamdaman.

For the first time in her life, she was going to do something impulsive. Hindi pa niya alam kung ano iyon, pero sigurado siyang malalaman niya pagdating ng takdang panahon.

“Cuz, okay ka lang?” tanong ni Rhian. Isang nagdududang tingin ang ipinukol nito sa kanya, sabay simsim sa margarita na iniinom nito. In a gold 1920s-inspired dress, her cousin looked stunning.

“Siyempre naman,” sagot ni Grace.

Pero hindi iyon totoo. Hindi siya komportable sa suot na halter dress at high heels. Parang hindi siya makagalaw dahil may kung anong parte ng katawan niya na makikita ng madlang tao.

*Kaya mo 'to*, pampalakas-loob niya sa sarili. She's twenty-five years old at hindi puwedeng habang-buhay na lang siyang magtago. Baka maging madre pa siya kung nagkataon. Kahit ngayon lang, kailangan niyang magpakawala at lumandi kung kinakailangan. Sa unang pagkakataon sa buong buhay niya,

kakalimutan niya ang lahat ng takot niya.

“Oh, my God!” bulalas ng kasama. “I can’t believe he’s here.”

“Sino?” tanong ni Grace habang nakatingin sa nakangangang pinsan.

“Si Dave Silverio.”

“Yong artista?”

“Hindi, ’yong pulis,” naiiritang tugon nito. “Loka, siyempre ’yong artista. He’s even more gorgeous in person.”

Tumayo si Grace at nakiusyoso na rin. Daig pa ng pagdating ni Dave ang paghati ng *Red Sea*. Tuloy pa rin ang pagtugtog ng malakas na kanta, ngunit naging tahimik ang lahat ng tao. Naka-focus ang atensyon nilang lahat sa actor.

Muntik na rin siyang mapanganga nang makita ang lalaki. Tuwing napapanood niya ito sa TV, hindi niya napapansin kung gaano ito kaguwapo. Naturalmente, television was populated by beautiful people, pero ngayong abot-kamay lamang ito? Kailangan pa niyang kumurap para masigurong totoo nga ito at hindi kathang-isip lamang.

Maikli at naka-gel ang itim na buhok nito. Nakakatunaw kung makatingin ito at napakatangos

ng ilong na minana pa yata sa kung sinong Kastila. And his lips? Halos hindi maalis ng dalaga ang mga mata niya sa bahaging iyon ng mukha ni Dave. They were tempting and arrogant at the same time.

Habang nakatingin dito, nalaman niya kung ano ang dapat niyang gawin. Kailangan niyang makasayaw ang sikat na actor. Iyon ang kabaliwan na kailangan niyang ma-accomplish. Napakadali nga niyon kung tutuusin. Lalapit lang siya kay Dave, kakapit sa leeg nito, sasayaw sila nang ilang minuto. Tapos. Hindi na niya makikita ang super juicy nitong mukha kahit kailan.

Napalunok si Grace sa naisip, pero buo na ang desisyon niya. Sa unang pagkakataon sa buong buhay niya, magiging adventurous siya. Hindi na lang siya manonood sa sidelines. Siya ngayon ang panonoorin.

Inilapag niya ang bote ng *San Mig Light* sa mesa at nilingon ang pinsan. “Cuz, sandali lang ako.”

“Bakit? Saan ka pupunta?”

“Yayayain kong sumayaw si Dave Silverio.”

Hindi niya narinig ang sagot nito. Either na-impress ito o nasamid sa iniinom na margarita.

Napakalakas ng tibok ng puso ni Grace habang naglalalakad siya palapit sa artista. Nahirapan siyang

huminga at parang nakalimutan niya kung ano ang dapat gawin. All of a sudden, pakiramdam niya parang isang napakalaking kahangalan ang kanyang gagawin, pero huli na para magbago ang isip niya. Sigurado siyang magsisisi siya kung hindi niya itutuloy ang balak.

Nang magkaharap na sila, halos hindi siya makatingin nang derecho kay Dave. Nakatayo ito sa isang sulok ng disco. Kahit na simple lang ang suot nitong navy blue polo na naka-roll up ang sleeves at itim na jeans, iba pa rin ang dating nito kung ikukumpara sa ibang lalaki sa *Fluid*. Wala itong kausap ngunit nagbubulungan ang mga taong nakapalibot dito.

*It's now or never.* Bumuntong-hininga si Grace at inihanda ang sarili. Ipinaskil niya ang isang malaking ngiti sa mukha. “Hi.”

Nagtama ang mga mata nila at nagpigil siya ng hininga. *Oh, my God! Napakaguwapo nga talaga niya!* Animo mga anghel ang umukit sa mukha nito at isang tingin pa lang doon ay humina na ang mga tuhod niya.

Pumormal ang anyo ng aktor at isang nagdududang tingin ang ipinukol sa kanya. “Can I help you?”

“Yes.”

“How?”

“By dancing with me.”

Nanlaki ang mga mata ni Dave at hindi na niya napigilan ang mapangiti. Mukhang hindi nito ini-expect na iyon ang sasabihin niya. “Ano’ng pangalan mo?”

“Grace Hernandez.”

“Reporter ka ba?”

“Hindi.”

“Okay, I’ll dance with you,” sagot ng lalaki. Isang nakakasilaw na ngiti ang sumungaw sa mga labi nito.

Bago pa siya makasagot, hinapit na nito ang baywang niya at nasa dance floor na sila. Halos hindi makapaniwala si Grace. Kasayaw talaga niya si Dave Silverio, ang lalaking pinagpapantasyahan at tinitilian ng maraming kababaihan. Nag-work out din in the end ang kabaliwan niya.

Ikinapit niya ang dalawang kamay sa leeg nito at nagpatangay siya sa musika. Sumabay siya sa bawat tugtog at unti-unti niyang nakalimutan na malungkot siya, na iniwan siya. At that moment, nawala ang ibang tao sa mundo. Sila lang ni Dave ang natira. Humihingal siya pero wala siyang pakialam.

Naamoy niya ang napakabango nitong cologne. Naramdaman niya ang katawan ng binata na animo inukit mula sa marmol, ang higpit ng pagkahawak nito sa kanyang baywang, ang init ng palad nito. Narinig niya ang hininga nito malapit sa tainga niya.

Nang matapos ang kanta, binitiwang nila ang isa't isa. Nagtama ang kanilang mga mata at sabay silang ngumiti. Lumakas ulit ang pagtibok ng puso ng dalaga.

“Salamat,” aniya.

Tumalikod si Grace at bumalik sa mesa nila ni Rhian. Nagawa na niya ang challenge sa sarili, pero bakit pakiramdam niya ay parang may kulang pa rin?



## 2

Nagising si Dave sa malakas na pag-ring ng kanyang cell phone. Umungol siya at tinakpan ng unan ang mukha, umaasang titigil din ang kung sinong makulit na tumatawag sa kanya. Naparami yata ang nainom niya nang nakaraang gabi. Testigo na roon ang migraine niya.

Naalala niya ang mysteryosang babae na nakasayaw niya; si Grace Hernandez at napangiti siya. Bagay nga rito ang pangalan nito dahil mukha itong inosente, from her doe eyes to her teasing mouth. Exactly his type.

Alam niyang hindi siya dapat pumayag na makasayaw nito, pero hindi niya napigilan ang sarili. He threw caution to the wind at pansamantala niyang kinalimutan na may reporters na nagbabantay sa bawat galaw niya. Ganoon ang epekto ni Grace sa kanya. Hell, as long as she wasn't a reporter, okay lang sa kanya.

Tumigil ang pag-ring ng kanyang cell phone at nakahinga si Dave nang maluwag. Nilingon niya ang wall clock malapit sa pinto; ten thirty pa lang naman. Puwede pa siyang matulog nang isa pang oras. Unti-

unti na sana siyang nahihimbing nang biglang mag-ring ulit ang aparato.

“Hindi ka ba talaga titigil?” Inis na hinablot niya ang cell phone mula sa nightstand at sinagot ang tawag. “Hello?”

“Walanghiya ka, Dave! Hindi mo talaga ginagamit ’yang kukote mo!” hiyaw ni Osmond mula sa kabilang linya. Parang nai-imagine na niya ang hitsura nito na malamang sing-pula na ng kamatis.

“Ano na naman ba ang ginawa ko?”

“Hindi ba’t sinabi ko sa ’yo na lumayo ka muna sa mga babae? Eh, ano’ng ginawa mo? Hindi lang kita nabantayan ng isang gabi, nakipaglandian ka na naman! Isang gabi lang, Dave!”

“Ano ba’ng pinagsasabi mo?”

“Hindi ka ba nagbabasa ng diyaryo? Hindi ka ba nanonood ng TV?” nanggagalaiting pambabara nito. “Saang planeta ka ba nanggaling at hindi mo alam ang bagong eskandalo mo?”

“Bagong eskandalo? What the hell are you talking about, Osmond?” Bumangon na ang binata. Masyado na siyang nabagabag ng balita ng manager para makatulog ulit.

“Manood ka nga ng balita!”

Hawak pa rin ang cell phone sa kaliwang kamay, lumabas siya sa kanyang silid at tumungo sa living room ng condo unit niya. Typical bachelor's pad iyon. Gray ang kulay ng mga dingding at itim naman ang fixtures, ang counter at ang malaking leather sofa sa dulo ng sala.

Nasa gitna naman ng sala ang pinakamamahal na pag-aari ni Dave, ang kanyang fifty-five-inch *Samsung UN55B8500* TV. Napakanipis niyon kung titingnan mula sa side at daig pa ang sinehan kung maka-produce ng images. Sa paningin ni Dave, it was worth every cent he spent on it.

“Dave! Nandiyan ka pa ba?” reklamo ni Osmond sa kabilang linya.

“Nandito pa,” aniya. Pinaandar na niya ang TV at nag-channel surf hanggang sa marinig ang sariling pangalan sa news flash sa isang channel.

*“Mga kachika, mukhang may bagong na namang nali-link sa paboritong leading man ng bayan, ang nag-iisang si Dave Silverio!”* simula ng bading na reporter. *“Ayon sa aming source, may bagong girlfriend na daw si Dave.”*

Napamura ang binata nang lumabas sa screen ang ilang pictures nila ni Grace habang nagsasayaw. Nakakapit ito sa leeg niya at nakahawak siya sa

baywang nito at mas malagkit pa sa *Super Glue* ang tinginan nilang dalawa. Hindi siya nagtaka kung bakit nagkandaugaga ang reporters. Kung ang pictures lang ang pagbabasehan, he and Grace looked in love.

*“At hindi lang ’yan, mga kachika,”* dugtong ng reporter sa nanunuksong tono. *“Ayon sa isang caller na classmate ng babae noong high school, Grace Hernandez pala ang pangalan ng mystery girlfriend ni Dave. Abangan n’yo mamaya ang full story!”*

Napamura ulit ang binata. Kasalanan niya lahat nito. Dapat tumanggi na lang siya noong niyaya siya ni Grace na sumayaw. Madali namang sabihin ang salitang ‘no,’ hindi ba? Dalawang titik at isang syllable lang iyon, pero bakit hindi niya nagawa?

Puwede siyang magkunwari na wala lang ang nangyari, pero nadamay pa ito dahil sa magulong buhay niya. Ngayon, magugulo na rin ang buhay ng dalaga at kargo iyon sa konsyensya niya... unless ginamit lang siya nito para sumikat.

It was possible pero ayaw niyang isipin iyon. There had to be another explanation. Kailangan niyang mahanap at makausap ito. Hindi niya alam kung bakit, ngunit importante para sa kanya na malaman na hindi siya ginamit ni Grace.

Ibinalik niya ang atensyon sa cell phone.

“Osmond, are you still there?”

“Sa wakas! Naalala mo rin na may kausap ka pa sa kabilang—”

“I need a favor.”

“Ang kapal mo talaga!” asik ni Osmond.

“Please?”

“Ano ’yon?”

“May ipapahanap sana ako sa ’yo.”

“Hindi ko na gusto ang takbo ng usapan.”

Napailing na lamang si Dave sa ikinikilos ng manager. Kahit ano pa ang sabihin nito sa kanya, alam niyang parang anak na rin ang turing nito sa kanya. Hindi siya matitiis nito. “Please, Osmond. Kailangan kong mahanap si Grace.”

“Sinasabi ko na nga ba.” Hindi na ito nagulat. Bumuntong-hininga na lang ito na para bang sinasabi na, ‘*Ano pa ba’ng magagawa ko?*’ “Ano ang apelyido niya?”

Sinabi niya ang nais nitong malaman. “Thanks, Osmond, You’re the best.” Napangiti siya; hindi nga siya natiis nito. With Osmond’s connections, mahahanap niya si Grace in no time. Baka may pag-asa pa siyang maunahan ang mga reporters na

matunton ito.

---

Mula pagkagising ni Grace hanggang sa pagsakay niya sa jeep papuntang opisina, hindi na naalis ang ngiti sa kanyang mga labi. Sino ba naman ang hindi magiging masaya? Nakasayaw niya ang pinakaguwapong lalaki sa buong Pilipinas, ang nag-iisang si Dave Silverio. Dahil lang sa isang act of recklessness na iyon, she felt ready to conquer the world.

Simula nang makasakay siya ng jeep, napansin niyang pinagtitinginan siya ng kapwa pasahero, babae man o lalaki. Siguro nagagandahan ang mga ito sa kanya. Muntik na siyang natawa dahil sa naisip.

Subalit unti-unting nawala ang ngiti sa mga labi niya at nagsimula siyang mag-alala. *Ano ba ang nangyari at parang biglang naging sikat ako?*

Mas lalong tumindi ang pagdududa niya nang may sumakay na dalawang may-edad na babae sa jeep. Nilingon siya ng isa sa mga ito na parang wala lang, ngunit tinitigan siya nito ulit. Nanlaki ang mga mata nito nang makita siya at kaagad bumulong sa kausap na napatingin din sa kanya.

Pinilit niyang ngumiti at mag-think positive. Siguro may kamukha lang siya na kilala ng dalawa

kaya nagbulungan ang mga ito. Impossible naman yata na nakilala siya ng mga ito. Hindi naman siya artista at, sa buong buhay niya, ngayon lang niya nakita ang dalawang babaeng iyon.

Nang tumigil ang jeep sa harap ng building kung saan siya nagtatrabaho, bumaba na siya at pinilit na ibalik ang ngiti sa mukha. Isa siyang web designer para sa isang web design firm. She absolutely loved her job. Mula college, mahilig na talaga siyang pag-aralan ang HTML at gumawa at mag-design ng websites.

Inayos niya ang suot na puting blouse na may ruffles at ang itim na skirt. Kahit na medyo weird ang simula ng araw niya, magiging masaya at ngingiti siya. Even if it killed her.

Bumuntong-hininga si Grace at nagsimula nang maglakad papasok sa lobby ng building. Nagulat siya nang makita na maraming tao na may mga dalang cameras at microphones ang nakapuwesto sa lobby. Mukhang reporters ang mga ito.

Ang iba ay naghihintay malapit sa elevator. May apat namang nakaupo sa armchairs sa isang sulok ng lobby habang palakad-lakad ang ibang natitira.

“Ano ’to? Fiesta?” tanong niya sa sarili.

Naisip niya na baka may binabantayan ang

mga ito. Baka may inaresto sa kabilang floor at nagbabantay lang ang grupo para ibaba ang kung kung sinumang malas na iyon.

Naglakad na si Grace papunta sa elevator. Pinindot niya ang down button ng lift at pasimpleng tumingin sa tatlong reporters na nakapuwesto roon. Mukhang naiinip na ang mga ito kahit handang-handa na ang mga equipment.

Habang nagmamasid, napansin siya ng isa sa mga reporters. Nginitian niya ito at natigilan ang reporter. Nanlaki ang mga mata nito at, bago pa siya makakurap, kinuhanan siya nito ng litrato. Nakakabulag ang flash ng camera nito, pero naging mas nakakabingi ang dagundong ng mga tanong na sumunod.

“Ikaw ba si Grace Hernandez?”

“Totoo bang boyfriend mo si Dave Silverio?”

“Gaano na kayo katagal?”

“Paano mo siya sinagot?”

“Ikakasal na raw kayo?”

Nagulat si Grace dahil bigla na lang siyang napalibutan ng mga reporters. Hindi niya mabilang kung ilan ang mga ito. Halos hindi na siya makahinga at ilang nakakabulag na flash ang sumunod sa mga



tanong.

“Hindi ko alam,” ang tanging sagot niya.

Pinilit niyang itulak ang ibang reporters para makalabas siya sa circle na ginawa ng mga ito. Kahit na naka-heels, tumakbo siya palabas ng lobby pero nakasunod pa rin ang mga ito sa kanya. Sirang-sira na talaga ang araw niya. Habang tumatakbo, dumaan din sa isip niya kung paano niya ipapaliwanag sa kanyang boss ang tungkol sa mga reporters. Malapit na ngang ma-dislocate ang ankle niya ay mukhang matatanggal pa siya sa trabaho.

“Sandali! Hintay!” sigaw ng mga ito.

“Marami pa kaming itatanong sa 'yo!”

Nang makalabas na si Grace sa building, lumingalinga siya sa paligid. Hindi niya alam kung saan siya pupunta at malapit na siyang maabutan ng grupong humahabol sa kanya.

Tulad ng isang anghel na tagapagligtas, biglang may tumigil na itim na kotse sa harap niya. Bumukas ang pinto sa passenger seat at narinig niya ang pamilyar na tinig mula sa loob. “Get in.”

---

*Ano ba 'tong napasok ko? Napaka-surreal pa rin para kay Grace ang lahat ng nangyari. Hindi*

siya makapaniwalang kasama niya ang lalaking nakasayaw niya nang nagdaang gabi sa opisina ng manager nito.

Okay, siguro tumaas ang kanyang confidence dahil sa katangahang ginawa niya, pero unti-unti na niyang pinagsisisihan iyon. Being yelled at by Osmond wasn't worth it.

Technically, hindi naman siya ang binubulyawan nito kundi si Dave pero kahit ganoon, nakakatakot pa rin ito. Dahil kalbo ito at medyo mataba, mukha itong coconut na nilagay sa ibabaw ng isang mamahaling suit, isang coconut na matalim ang dila.

“Hindi ka ba talaga nag-iisip, Dave?” Kinamot ni Osmond ang ulo habang tinutunaw sa pamamagitan ng tingin ang alaga. “Ni-rescue mo nga si Grace, pero ano ang iisipin ng mga reporters? Kilala nila ang plate number mo. Naturalmente, iisipin nilang may relasyon nga kayo. Eh, ano na naman ang kalalabasan nito sa media? Isang playboy na walang laman ang utak ang magiging tingin ng mga tao sa 'yo!”

“Osmond, calm down,” anang binata. Humikab ito na parang walang interes sa sinasabi ng manager.

“Bakit ba lagi mong sinasabi 'yan pagkatapos mong painitin ang ulo ko?” nanggagalaiting sagot nito. Pinanlakihan nito ng mga mata si Dave. Parang

sasabunutan na nito ang sarili out of frustration. “Kailangan nating makaisip ng paraan para maisalba natin ang pangalan mo.”

“Hindi naman—” simula ni Dave.

“Tumahimik ka, nag-iisip ako,” putol ni Osmond. Kinamot nito ang baba at bigla itong napatingin sa sa babae. “Ikaw!”

“Ako?” naalarmang tanong ni Grace.

“Oo, ikaw!” Tinuro siya nito hanggang magkalapit na ang daliri nito at ang ilong niya. “Parte ka ng problema kaya magiging parte ka rin ng solusyon.”

“Huwag mo siyang isali dito, Osmond,” pagkontra ni Dave.

“Too late. Nasali na siya the second you helped her.” Umupo ito sa isang armchair habang kamot-kamot pa rin ang baba. Tinitigan nito si Dave nang ilang segundo. Pagkatapos, siya naman ang pinagdiskitahan nito. Nagsimula siyang magduda nang may masayang ngiti na sumungaw sa mga labi nito. “Alam n’yo, bagay kayong dalawa.”

“Ano’ng punto mo?” Pumormal ang anyo ni Dave at isang di-mabasang expression ang sumilay sa mukha nito.

“Puwede kayong magpanggap na magkasintahan,”

paliwanag ng manager. “Kung magiging kayo, iisipin ng mga tao na seryoso ka talaga kay Grace. Kung magiging kayo, iisipin ng mga tao na napaka-romantic ng love story n’yo dahil non-showbiz siya.”

“I won’t do it,” walang kagatul-gatol na sagot ng aktor.

Nainsulto si Grace. Okay, binabalak nga siyang gamitin ng manager ni Dave, pero kailangan bang ganoon ang tono nito, disgusted? Hindi nga siya singganda ng katambal nito pero hindi naman siya pangit.

“What about *A Time to Kill*, Dave?” sabi ni Osmond sa nangungutyang tinig. “Kapag nagkaroon ka ng seryosong girlfriend, baka magbago ang tingin ni Direk Cruz sa ’yo. Think about it.”

“Niloloko mo ba ’ko?” Tiningnan nito nang maigi ang manager.

“I’m perfectly serious.” Bumaling ang nakatatandang lalaki sa kanya. “What do you think, Grace? Papayag ka bang magpanggap na girlfriend ni Dave? Of course, sisiguraduhin kong you’ll be well-compensated for your efforts.”

Well-compensated? Sigurado ang dalaga na babayaran siya ni Osmond para magpanggap na girlfriend ng alaga nito. Iyon ang ibig sabihin nito. Hindi na siya magpapakaipokrita. Magagamit niya

ang pera bilang pang-tuition sa nakababata niyang kapatid.

At may isa pang rason kung bakit napaka-tempting ng offer ni Osmond. Kung papayag siya, malamang malalaman at iisipin ni Arvin na girlfriend siya ng sikat at napakaguwapong artista na si Dave Silverio. Iisipin nitong mas higit pa rito ang nahanap niyang kapalit. Iisipin ng lahat na bonggang-bongga ang ipinalit niya kay Arvin. Hindi na siya magmumukhang kawawa.

Narinig niyang bumuntong-hininga si Dave na katabi niya. Lumunok ito at tumingin sa manager.

Nagkatinginan silang dalawa. At that moment, nabuo ang desisyon niya. “Payag ako.”

# 3

“Yan! Bagay sa ’yo ’yan!” tili ni Osmond na parang nae-excite na bata.

Kasalukuyan silang nasa isang exclusive boutique na ipinasara nito para lang sa makeover niya. May makeup artist at hairstylist din na naghihintay sa isang sulok.

Mag-iisang oras na siyang binabaha ng kung ano-anong damit na kailangan niyang isukat. Ayon sa talent manager, kailangan muna siyang i-makeover bago siya puwedeng iprisinta sa publiko. Kailangan daw niyang magmukhang presentable. Siguro ayon sa definition nito, kailangang magmukhang gift na may pastel wrapping at kung ano-anong ribbon para maging presentable.

Napangiwi si Grace. Gusto na niyang itapon ang ika-thirteen na damit na ipinapasukat nito sa kanya—pink ito na may puffed sleeves at dalawang pulang ribbon sa harap. Iyon ang tipo ng damit na magugustuhan niya kung eight years old siya at naka-pigtails ang buhok.

“Osmond...” simula niya sa nagmamakaawang tinig.

“Tama ka, Osmond. Bagay nga sa kanya,” pagsang-ayon ni Dave. Nakaupo ito sa isang leather footrest. May pilyong ngiti sa mga labi nito. Alam nilang dalawa na hindi bagay sa kanya ang blouse na pinili ni Osmond.

Inirapan niya ang aktor at hinarap ulit ang matabang lalaki. Magbabayad ito mamaya. “Tingnan mo nga ako. Gusto mo ba talagang ipadating sa fans ni Dave na immature ang girlfriend niya?”

“Immature?” sabay na tanong ng dalawa.

“Oo, immature,” mabilis niyang sagot. “Kung ito ang isusuot ko, magmumukha akong sixteen years old na sa dilim nagbibihis. Bahala ka, Osmond. Baka sabihin pa ng press na pedophile si Dave...”

Pinigilan ni Grace ang ngiti habang pinagmamasdan ang unti-unting pamumula ng mukha ni Osmond. Humigpit ang hawak nito sa hanger na may nakasabit na isang kagimbal-gimbal na blouse. Tumikhim ito pagkalipas ng ilang minuto. “Siguro may punto ka nga...”

Lalo siyang nahirapan na pigilin ang tawa. Halata kasi na nahihirapan ang kausap na aminin na wala itong kaalam-alam kung paano bihisan ang babae. Biglang nawala ang amusement niya nang nagsalita ito. “Dave, please take over.”

Tumaas ang isang kilay ni Grace at lumipad ang kanyang tingin sa actor. Kaagad siyang nadismaya sa nakitang nangungutyang expression sa mukha nito.

“Gladly,” nakangiting sagot ng binata.

“Ano ba? Ba’t hindi n’yo na lang ako hayaan na pumili ng isusuot ko?”

“Kasi hindi ka marunong pumili,” ani Osmond. Tumayo si Dave at ito naman ang naupo sa footrest.

Kinamot ng binata ang baba na parang nag-iisip nang mabuti. Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa. Mayamaya, tinawag nito ang saleslady na kanina pa nanonood sa kanila. To her irritation, nagsimulang magbulungan ang dalawa.

Lalong nairita si Grace. She was supposed to enjoy this. Sinong babae ba ang hindi matutuwa kung bibigyan ng pagkakataon na makapag-shopping spree nang libre? Isa pa, hindi lang basta-basta ang shopping spree niya. Walang limit ang presyo ng mga puwede niyang bilhin. Perpekto na sana kung wala ang dalawang asungot na namimilit ng kung ano sa tingin nila ay bagay sa kanya.

Bigla niya tuloy naalala si Rhian. Malamang, kung alam lang nito kung nasaan siya at kung sino ang kasama niya ngayon, nagtitili na siguro ito. Unti-unti na niyang pinagsisisihan na pinagsusupladahan



niya ang pinsan tuwing mag-sho-shopping silang dalawa. Mabait pa nga ito kung ikukumpara sa dalawa niyang kasama.

Nakita niyang tumangu-tango si Dave habang nagsasalita ang saleslady. Biglang nawala ang babae ngunit bumalik din kaagad. This time, may dala itong bestida na nakasampay sa isang hanger.

Tumango ulit ang binata. Kinuha nito ang damit mula sa saleslady at iniabot sa kanya. “Try this.”

Nanlaki ang mga mata niya nang makita iyon. Midnight blue ito, may plunging neckline, at above the knee. Simple lang ito pero elegante. Ito ang klase ng damit na sa panaginip lang niya kayang isuot.

“Over my dead body,” ani Grace.

“Huwag ka ngang maarte,” sita nito. Bago pa siya makapag-react, ibinigay nito sa kanya ang bestida at marahan siyang itinulak papasok sa fitting room. “Paglabas mo, gusto ko suot mo na ’yan.”

“Inuutusan mo ba ’ko?” singhal niya mula sa fitting room. Kung kaharap lang niya ang kausap ngayon, baka hinampas na niya ito ng hanger.

“Oo.”

“Ayoko.”

“You asked me to dance, remember?” paalala ni Dave.

“At ano’ng punto mo?” di-makapaniwalang tanong niya.

“Wala tayo ngayon dito kung hindi mo ’ko niyayang sumayaw.” Halos ma-imagine na ni Grace ang self-satisfied expression sa mukha ng lalaki. “Sa ayaw at sa gusto mo, kailangan mo ’kong sundin.”

Nagpupuyos na binuksan ng dalaga ang pinto ng fitting room... at kaagad nawala ang mga salitang nasa dulo na ng dila niya. Hindi niya alam na nakatayo lang pala sa tapat ng pinto si Dave. Mararamdaman niya kung hihinga ito. Napalunok siya at iniwas ang tingin dito. “Kung hindi ka pumayag, wala rin sana tayo ngayon dito.”

Natigilan ito at napalunok din. Akala ba nito tatahimik lang siya habang sinisisi siya sa lahat ng nangyari?

“Tama na,” narinig niyang saway ni Osmond. “Pareho kayong may kasalanan, especially you, Dave. You should’ve known better.”

“Ano’ng sinabi mo, Osmond?” gulat na sabi ng actor. “Huwag mong sabihing siya pa ang kakampihan mo!”

“Kakampihan ko kung sino’ng gusto ko,” sagot ng manager. Tumayo ito mula sa pagkakaupo sa footrest at lumapit sa kanilang dalawa. “Apogize, Dave.”

“Never.”

“Para kang bata,” komento niya rito.

Kaagad naman itong bumaling sa kanya habang umaapoy ang mga mata. “At ikaw? Feeling mo mature ka?”

“Siyempre naman.”

“Ang kapal mo.”

“Mas makapal ka.”

“Natural, guwapo ako,” pagmamayabang ni Dave.

“Nasusuka yata ako.”

“Hindi ka naman nasuka when you danced with me,” nakakalokong pahayag nito.

“Hindi pa kita kilala n’on.”

Natahimik silang dalawa habang nag-iirapan. Pinilit niyang tunawin si Dave sa pamamagitan ng mga mata niya. Huli na nang maalala niya na wala siyang super powers.

Ang kapal talaga ng pagmumukha ng kumag. Oo,

guwapo nga ito pero ang sarap siguro nitong tirisin nang pinong-pino. Unti-unti na niyang pinagsisisihan na niyaya niya itong sumayaw. Mas lalo niyang pinagsisisihan na pumayag siyang magpanggap na girlfriend nito. Kahit ilang milyon pa ang ibayad ni Osmond sa kanya, kulang pa iyon sa konsumisyon niya dahil sa alaga nito.

“Tama na nga sabi,” pag-aawat ni Osmond. “Hindi ba talaga kayo titigil?”

“Hindi,” sabay nilang sagot.

“Ganito na lang.” Umiling ito na parang nauubusan ng pasensya. “Grace, subukan mo ’yang damit na pinili ni Dave. Kung ayaw mo talaga, puwede ka nang pumili ng gusto mo.”

“Ayoko.”

“Ayaw niya,” turo ni Dave.

“Narinig ko ang sinabi niya.” Inirapan ni Osmond ang alaga at humarap sa kanya. “Grace, please?”

Hindi. Hindi niya gagawin ang gusto ni Dave. Kaya niyang tiisin si Osmond kahit na mukhang nagmamakaawa na ito sa kanya... Kaya niyang... Buwisi!. Hindi niya kayang tiisin ang talent manager. Kahit na mukhang colorblind ito sa pagpili ng damit, naging mabait naman ito sa kanya.

“Fine,” aniya. “Pero para sa ’yo ’to, Osmond, at hindi para sa iba diyan.”

“Pinariringan mo ba ’ko?” tanong ni Dave.

“Bakit? May reklamo ka?”

Tumiim ang mga bagang ng binata habang nakatitig sa kanya. “Manang.”

“Manyak.”

“Kung hindi ka lang babae...”

“Grace, please.” Bumuntong-hininga si Osmond. “Pumasok ka na sa fitting room.”

Inirapan niya sa huling pagkakataon ang actor at pumasok na sa fitting room. Hinubad niya ang karumal-dumal na blouse at jeans at isinuot ang midnight blue dress. Inayos-ayos muna niya ito at tiningnan ang sarili sa salamin. Napanganga siya.

Siya ba talaga ang babaeng nakatitig sa kanya sa salamin? Hapit sa bawat kurba ng kanyang katawan ang bestida at nakalantad din ang puno ng dibdib niya. Above the knee ang damit kaya kita rin ang pinakatago-tago niyang mga binti. For the first time in her life, Grace looked sexy. Isang salita lang ang pumasok sa isip niya.

Buwisit.

Hindi niya puwedeng magustuhan ang damit na pinili ni Dave! Para na rin siyang tinalo nito kung iyon ang mangyayari.

“Buhay ka pa diyan?” untag nito mula sa labas.

“Oo!”

“Lumabas ka na para makita namin ’yong damit!” Tinig naman ni Osmond iyon.

“Ang pangit! Masikip sa ’kin!” palusot ni Grace.

“Patingin para malaman namin!” ani Dave.

“Ayoko nga sabi!”

“Lalabas ka ba diyan o sisirain ko ’tong pinto?”

Bakit nga ba siya mahihiya? Malamang, pagtatawanan lang siya ng binata. Hindi naman siya sing-ganda at sing-sexy ng ka-love team nitong si Anna Jacinto. Sanay na ito na napapalibutan ng magagandang babae kaya ano ba ang magiging epekto rito ng isang ordinaryong babae tulad niya?

Binuksan niya ang pinto ng fitting room at humarap sa dalawang lalaking naghihintay sa labas.

Nanlaki ang mga mata ni Osmond.

Nang makita niya ang expression sa mukha ng Dave, nakaramdam siya ng kaunting satisfaction. Natigilan ito at this time walang hirit na lumabas sa

bibig nito. Kahit hindi siya makapaniwala, mukhang nagandahan nga sa kanya ang hinayupak.

“Wala ka bang sasabihin?” Nginitian niya ito.

Habang nakatingin pa rin sa kanya, napalunok ito at sinabing, “Wow!”

*Wow? Ano’ng ibig sabihin ng wow?*

“Wow,” ulit nito. “Nagmukha kang tao.”

*Buwisit!* nanggagalaiting sigaw ni Grace sa isip.

---

Sinaid ni Dave ang laman ng kopitang hawak at tiningnan ang pinakamatalik niyang kaibigan na si Tyler. Nakaupo ito sa tabi niya sa bar ng bahay nito. Habang desidido siyang magpakalasing, tubig lamang ang laman ng baso sa harap nito.

“Ano ba kasi’ng nakain mo at bigla mong naisipang magka-hangover?”

“Kumusta na pala si Warren?” pag-iwas niya sa tanong nito. Si Warren ang isa pa nilang kabarkada na kasalukuyang nasa Paris kasama ang asawa nitong si Lia.

“Hayun, magiging tatay na raw,” sagot nito.

Nasamid siya sa iniinom na scotch at napatingin sa kaibigan. Magiging tatay na si Warren? Noong

sinabi nito sa kanya na may balak itong magpakasal, halos hindi siya makapaniwala. Mula nang makilala niya ito, akala niya ay pareho silang tatandang binata. Ni wala nga itong interes sa mga babae noon. “A-ano?”

“Magiging tatay na si Warren. Buntis na si Lia. Gumawa sila ng bata,” paliwanag nito na animo grade one pa lamang siya. “Kasi nga, anak, kapag nagmamahalan ang dalawang tao...”

“Gusto mo bang buhusan kita ng scotch?”

“Ang high blood mo naman.” Kinindatan siya ni Tyler at uminom ito mula sa baso nito. “Huwag mo kasing ibahin ang usapan. “Ano ba’ng nakaapekto sa ’yo nang ganito?”

“Yong pekeng nobya ko.”

“Pekeng nobya?” Tumaas ang isang kilay ng kaibigan.

“It’s a long story.”

“Ibet.” Tiningnan siya nito nang may nakakalokong ngiti sa mga labi. “Maganda ba, pare?”

“Depende,” sagot ni Dave. “Kung mahilig ka sa mukhang sweet at inosente, sa mukhang hindi makapatay ng lamok...”



“Yong mukhang hindi marunong humalik?”

“Oo.”

“She sounds just like your type.”

“Gusto mo talagang maligo ng scotch?”

Tumawa ito nang mahina. Umiling ito, nakatawa pa rin. “She must be something para maapektuhan ka nang ganyan.”

“You have no idea.”

Totoo nga. Tyler had no idea what he was going through. Tuwing naaalala ni Dave ang hitsura ni Grace noong suot nito ang bestidang pinili niya, naninigas ang buo niyang katawan at parang hindi siya makagalaw. Habang nakatingin siya rito kanina, alam niyang wala itong kaalam-alam kung gaano ito kaganda, kung ano ang epekto nito sa kanya.

Napanganga pa nga siya at pinilit niyang biruin ito na parang wala lang ang nangyari. Parang tumigil sa pag-andar ang utak niya kanina at isang bagay lang ang iniisip niya. *Gusto kong alisin ang bestidang iyon sa katawan niya.*

But he couldn't.

Hindi niya puwedeng gawin iyon kay Grace. Ito ang klase ng babae na nililigawan nang matagal at pinapakasalan. Wala siyang planong manligaw

at magpakasal. Ni hindi nga niya alam kung paano manligaw. Buong buhay niya, ang mga babae na ang lumalapit sa kanya. Wala siyang kaalam-alam kung paano mapasagot ang isang babae kung hindi siya biniyayaan ng kaguwapuhan. Alam niyang conceited siya pero iyon ang totoo.

Isa pa, she deserved someone normal, isang lalaki na may ordinaryong trabaho sa isang opisina o sa kung saan. Isang lalaki na may hitsura pero hindi artistahin ang kailangan nito. Isang lalaki na medyo boring ngunit makakaintindi dito. Isang lalaki na makikinig dito subalit hindi kokontra sa mga sinasabi nito.

Hindi isang artista na magulo ang buhay tulad niya ang bagay rito. Isang lalaking normal ang nararapat kay Grace.

At kahit baligtarin pa ni Dave ang mundo, hindi siya ang lalaking iyon.